Sabihin ang Iyong Opinyon... Bumoto!

Bakit Boboto?
Ito'y iyong karapatan,
iyong kagustuhan,
iyong kinabukasan.

Upang bumoto, dapat ikaw ay:

- isang Canadian citizen
- 18 taong gulang man lamang sa araw ng eleksyon
- magbigay ng katunayan ng iyong identidad at address

Bakit Boboto?

Ang pagboto ang siyang nagpapatakbo sa demokrasya. Ito ang paraan kung paano ka pipili ng isang tao na kakatawan sa iyo sa Parliament ng Canada. Kapag ikaw ay pumili, gagamitin mo ang isa sa iyong mga demokratikong karapatan.

Tungkol Saan ang mga Eleksyon?

Sa isang eleksyon, boboto ka para sa kandidato na iyong pipiliin para sa iyong riding (tinatawag din na electoral district). Ang kandidato na may pinakamaraming boto ang mahahalal at magiging isang miyembro ng Parliament. Ang political party na may pinakamaraming nahalal na kandidato ang bumubuo sa gobyerno.

Mga Salita Na Dapat Mong Malaman

Ang **Elections Canada** ay isang nagsasariling grupo na itinatag ng Parliament upang pamahalaan ang mga pederal na eleksyon sa Canada.

Ang isang **elector** ay isang Canadian citizen na 18 taong gulang man lamang sa araw ng eleksyon. Ang elector ay isang tao na may karapatang bumoto, at tinatawag din na **botante.**

Ang **mga kandidato** ay ang mga taong nais mahalal.

Ipinapakita ng **listahan ng mga botante** ang mga pangalan ng lahat ng mga elector na rehistrado upang bumoto.

Matatanggap mo ang iyong **voter information card** sa pamamagitan ng koreo. Kinokompirma nito na ang iyong pangalan ay nasa listahan ng mga botante at sasabihin nito sa iyo kung kailan at saan boboto.

Ang **polling station** ay ang lugar kung saan ka pupunta upang bumoto.

Ang **balota** ay ang papel na gagamitin mo upang bumoto. Inililista nito ang mga pangalan ng lahat ng mga kandidato sa iyong riding.

Ang **deputy returning officer** ay ang taong magbibigay sa iyo ng balota.

Ang **poll clerk** ay ang tao na nag-eekis sa iyong pangalan sa listahan ng mga botante upang ipakita na nakaboto ka na.

Ang **voting screen** ay ang pribadong lugar kung saan mo mamarkahan ang iyong balota. Ang pagboto sa Canada ay sa pamamagitan ng **secret ballot.**

Ang **ballot box** ay kung saan mo hinuhulog ang iyong minarkahang balota.

Mahalaga

Kapag bumoto ka, dapat mong patunayan ang iyong identidad at tirahan. **Mayroon kang tatlong mapagpipilian:**

- Magpakita ng isang orihinal na identipikasyon na may larawan, pangalan at tirahan mo. Ito ay dapat inisyu ng isang ahensiya ng gobyerno. Ang halimbawa nito ay ang iyong lisensiya sa pagmamaneho.

O KAYA

- Magpakita ng dalawang orihinal na awtorisadong ID. Ang parehong ID ay dapat may pangalan mo at ang isa rito ay dapat din may address mo. Ang halimbawa nito ay ang iyong health card at hydro bill.

O KAYA

- Manumpa at magkaroon ng isang elector na nakakikilala sa iyo para mag-vouch sa iyo. Ang taong ito ay dapat mayroong awtorisadong ID at dapat galing sa parehong polling division tulad mo. Ang halimbawa nito ay ang iyong kapitbahay o roommate. (Ang isang elector ay maaari lamang mag-vouch para sa isang tao at ang isang elector na na-vouch na ay hindi maaaring mag-vouch para sa iba pang tao.

Para sa listahan ng mga awtorisadong ID, bisitahin ang www.elections.ca.

Natanggap Mo Ba ang Iyong Voter Information Card?

Upang bumoto, ang iyong pangalan ay dapat nasa **listahan ng mga botante** ng Elections Canada. Kung nasa listahan na ng mga botanteng ang iyong pangalan at tamang address, makakatanggap ka ng **voter information card** sa mail oras na magsimula ang eleksyon. Ipinapakita nito na ikaw ay rehistrado, at sasabihin nito sa iyo kung saan at kailan ka maaaring bumoto.

Kung **hindi tama** ang pangalan at address sa card, mangyaring tumawag sa opisina ng Elections Canada sa iyong lugar. Ang numero ay nasa likod ng card.

Kung **hindi mo natanggap** ang iyong voter information card, tawagan ang Elections Canada sa 1-800-463-6868. Sasabihin nila sa iyo kung paano magrehistro para makaboto.

Kapag may tamang identipikasyon, maaari ka ring magrehistro kapag bumoto ka.

Paano Bumoto

Maaari kang bumoto sa isa sa tatlong paraan:

Maaari kang bumoto nang personal sa araw ng eleksyon

Sa araw ng eleksyon, pupunta ka sa iyong polling station upang bumoto. Makikita mo sa iyong voter information card ang address ng polling station at kung kailan ito bukas.

Maaari kang bumoto sa pamamagitan ng special ballot

Maaari mong gamitin ang special ballot upang bumoto sa pamamagitan ng mail o kaya sa opisina ng Elections Canada sa iyong lugar. Kontakin ang Elections Canada para sa karagdagang impormasyon.

Maaari kang bumoto sa advance poll

Maaari mong malaman ang lugar at mga oras para sa advance voting (maagang pagboto) sa iyong voter information card o sa pamamagitan ng pagkontak sa Elections Canada.

Sa Polling Station

Sasalubungin ka ng information officer at ipapakita niya sa iyo kung saan ka kailangang pumunta upang bumoto.

Dalawang election officer ang nasa mesa: ang deputy returning officer at ang poll clerk.

Hihilingin sa iyo ng deputy officer na magpakita ng katibayan ng identidad at address. Kung wala kang dalang tamang ID, maaari kang manumpa at hilingin sa ibang elector na nakarehistro na sa iyong polling division na mag-vouch para sa iyo.

Titingnan ng poll clerk kung ikaw ay nasa listahan ng mga botante. Kung wala ka sa listahan ng mga botante, maaari ka pa rin magrehistro.

Ieekis ng poll clerk ang iyong pangalan sa listahan ng mga botante.

Ang deputy returning officer ay magbibigay sa iyo ng isang nakatuping balota. Maaari ka niyang tulungan kung ikaw ay nahihirapan na markahan ang iyong balota.

Pupunta ka sa likod ng voting screen. Walang sinuman ang makakakita kung sino ang iyong iboboto.

Markahan ng X ang bilog sa tabi ng pangalan ng kandidato na iyong napili.

Itupi ang iyong balota nang sa gayon ay mananatiling sekreto ang iyong boto.

Ibalik sa deputy returning officer ang iyong nakatuping balota. Pipilasin niya ang tab.

Ibabalik sa iyo ng deputy returning officer ang iyong balota at ihuhulog mo ito sa ballot box.

Ang polyetong ito ay makukuha rin sa heritage at Aborihinal na mga wika.

Para sa karagdagang impormasyon:
www.elections.ca
1-800-463-6868

TTY 1-800-361-8935 para sa mga taong bingi o may kahirapan sa pandinig

EC 90238 (08/09)